## Pagpalit ng Ruta at Paglihis ng Daanan

A Lord's Flock General Assembly Topic

By: Sis. Techie Rodriguez, Manila Chapter

October 24, 2020

May banal na disenyo ang Diyos sa pagpalit ng ruta o paglihis ng daanan ng ating buhay gamit ang *GPS o God Positioning Spirit,* ang Banal na Espiritu. Itinuro ni Jesus sa Kanyang mga alagad na hintayin ang Patnubay para may gagabay sa pagtupad ng kanilang gawain (Jn. 14:25-26). Alam ng Diyos na kailangan natin ang Espiritu Santo para samahan tayo sa personal nating paglalakbay (Gal. 5:16), at ang buo nating pagsuko ang daan sa pagtupad ng Kanyang ganap na plano para sa atin.

Ang pagpalit ng Diyos sa ating ruta at paglihis Niya sa ating daanan ay ganap, at ipagkakaloob Niya ang lahat ng ating pangangailangan. Isaalang-alang ang mga pangyayaring ito sa Bibliya:

**1.Ang pagtawag sa mga Pastol (Lk 2:8-9)**

1.1 Naistorbo ang regular na gawain ng mga pastol sa dalang balita ng mga anghel ng Diyos sa pagsilang ng Tagapagligtas, ang Kristong Panginoon. Ang maagap nilang pagkilos ang naging daan para makita nila ang kaluwalhatian ng Diyos sa sabsaban.

1.2 Minsan, ang pagpalit sa ating ruta at paglihis ng ating daanan sa buhay ay gawa ng Diyos, hindi tayo; kailangang magtiwala tayo sa Kanyang banal na plano at sumunod sa Kanyang mga tagubilin.

**2. Ang mga Pantas (Mt. 2:1-12)**

2.1 Sinundan ng mga Pantas ang tala para makita ang Hari ng mga Hudio, at nagpalit sila ng ruta, gaya ng tagubilin sa panaginip, pagkatapos nilang sumamba Kay Jesus.

2.2 Para matagpuan si Jesus sa ating buhay, kailangang magpalit tayo ng direksyon, at gusto ng Diyos na patuloy tayong lumakad kasama ang Espiritu Santo bilang gabay natin.

**3. Ang Pagtakas Patungo sa Ehipto**

3.1 Dinala ni Jose ang mag-ina sa Egipto gaya ng tagubilin ng anghel ng Panginoon sa kanyang panaginip para makaiwas sa galit ni Herodes; noong bumalik sila sa Judea, nag-iba rin sila ng daanan patungong Nasaret gaya ng ibinunyag sa panaginip.

3.2 Minsan ang plano ng Diyos sa atin ay ibinubunyag nang baha-bahagi; gusto ng Diyos na sumunod tayo sa Kanya, mapaglabanan lahat ng tukso, at magtiwala sa lahat ng Kanyang pangaral.

**4. Ang Paglalayag nina Bernabe at Pablo (Gawa13)**

4.1 Natagpuan nila ang salamangkero sa naplano nilang ruta, na naging daan ng pagbabalik-loob ng Gobernador.

4.2 Matagal man ang paglalakbay, pero naatasan tayo ng Diyos na makibahagi sa mga gawain para sa Kanya; makinig tayo sa mga pagkakataon kung saan maaari tayong makapagbahagi ng Kanyang salita.

**5. Ang mga Israelita at si Moses (Bilang 11)**

5.1 Ang paglalakbay ng mga Israelita sa disyerto ang naging daan para magreklamo sila kay Moses at sa Diyos. Nagalit nang labis ang Diyos; gusto Niyang magtiwala tayo sa Kanya. Ang kawalan natin ng tiwala sa GPS ay maaaring magpabagal sa Kanyang plano.

"Kay Yaweh ka magtiwala, buong puso at lubusan at huwag kang manangan sa sariling karunungan. Siya ay sangguniin sa lahat mong mga balak, at kanya kang itutumpak sa lahat ng iyong lakad" (Kaw. 3: 5-6). Bagamat sa pakiramdam natin hindi tayo namumuhay ayon sa Kanyang plano, sa pamamagitan ng pagsuko sa Espiritu Santo, makikita natin ang pangunahing plano ng Diyos para sa atin.

**Pagninilay:**

1. Ano ang paninindigan mo sa ngayon tungkol ng plano ng Diyos sa iyo?
2. Bakit sa palagay mo dapat nating isuko ang lahat ng ating plano sa Diyos?

Ang banal na plano ng Diyos sa atin ay ganap. Ang ating buhay, ang ating mga plano at lahat ng ating paglalalakbay ay nasa Kanyang mga kamay." Alam natin sa lahat ng bagay, ang Diyos ay gumagawang kasama ang mga nagmamahal sa kanya, ang mga tinawag ayon sa kanyang panukala, sa kanilang ikabubuti" (Rom. 8:28).

**Isinalin ni:** Sis. Nida Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera I.Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials